Ang Programa ng Bakunasyón laban sa Human Papillomavirus (HPV) para sa mga Babaeng nasa Grado 8

Ano ang kailangan mong malaman

Ano ang Human Papillomavirus (HPV)?

Ang HPV ay isang pangkaraniwang virus na may 100 na tipo. Sa mga babae, ang ilan sa mga tipo ng HPV ay maaring magbigay-daán sa kanser ng cervix. Ang karamihan ng mga impeksiyóng HPV ay maaring hadlangán ng bakuna.

Paano kumakalat ang HPV?

Kalimitan ang HPV ay nakakalat kapág may pagtatalik na seksuwal, o sexual activity, sa pamamagitan ng pagdiít sa balat ng taong may impeksiyón.

Ano ang mga síntomas ng HPV?

Karamihan ay hindî nagkakaroon kailanmán ng síntomas at maari nilang hindî madiskubre na nagkaroon sila ng impeskiyóng HPV. Subali't taglay nila ang virus at maari nilang impasa sa iba ang impeksiyón. Depende sa tipo ng impeksiyóng HPV, ang taong may impeksiyóng HPV ay maaring magkaroon ng mga ireguláridád sa cervix, kanser ng cervix, mga ibang kanser ng mga maselang bahagi ng katawan (genitals) o mga kulugó (warts) sa maselang bahagi ng katawan.

Ano ang maaring mangyari kapag ikaw ay magkaroon ng HPV?

Ang karamihan ng mga may sapát na gulang sa Canada ay magkakaroon ng impeksiyóng HPV balang-araw. Karaniwan, ang virus ay kusang inaalís ng immune system ng katawan, o sistemang kumikilala at nakikipaglaban sa sakit. Para sa ilan, ang virus ay maaring magbigay-daan sa kanser ng cervix. Sa Ontario, bawat taon, 500 na babae ay naririkonosing may kanser ng cervix at 140 ay namamatay.

Paano ako makakatutulong ipagtanggol ang aking anak laban sa HPV?

Ipabakuna ninyo ang inyong anak. Maaring hadlangan ng bakuna ang impeksiyón galing sa apat na tipo – tipo 6, 11, 16 at 18. Sa Canada, sanhî ng 70% ng mga kanser ng cervix ang strain, o anyong, 16 at 18. Sanhî ng 90% ng mga kulugó (warts) sa genitals ang mga anyong 6 at 11.

Paano binibigay ang bakuna laban sa HPV?

Ang bakuna ay binibigay sa pamamagitan ng karayom na tinutusok sa bisig. Tatlong dosis ng bakunang HPV ang kailangan upang magkaroon ng proteksiyón. Ang tatlong dosis ng bakuna ay binibigay sa akadémikang taon. Karamihan, ang pangalawang dosis ay binibigay 2 buwán pagkatapos ng unang dosis at ang pangatlong dosis ay binibigay 6 na buwán pagkatapos ng unang dosis.

Sino ang dapat tumanggap ng bakunang HPV?

Ang bakunang HPV ay nakatanggap ng pagsang-ayon para sa mga babaeng may 9 hanggang 26 na taóng gulang. Ito ay pinakamabisa kapag ito'y binibigay bago umumpisa ang pagtatalik na seksuwal.
Sa pamamagitan ng mga klínika sa paaralán, libreng pinagkakaloob ng pámahalaáng panlalawigan ang pondo para sa bakuna laban sa HPV sa lahat ng mga babaeng nasa Grado 8.

Tagalog Catalogue No. CIB-7610-6151907 200M Sept/07 © Queen's Printer for Ontario

Ontario

Sino ang hindî dapat tumanggap ng bakunang HPV?

Ang inyong anak ay hindî dapat tumanggap ng bakunang HPV kung siya ay:

- nabakunahang lubos laban sa HPV;
- nagkaroon ng malubhang reaksiyón sa nakaraáng dosis ng bakunang HPV;
- may yeast allergy (o talamak na candidiasis) o alérhiyá sa bahagi, o sangkap, ng bakuna; o
- nagdadalang-tao.

Hindî nirerekomendang tumanggap siya ng bakuna kung siya'y may lagnat o anumang kalagayang mas malubhâ kaysa di-malubháng sipón.

Mayroon bang di-sinasadyang epekto ang bakuna?

Ang bakuna laban sa HPV ay ligtás at may pagsang-ayong magamit sa Canada ng mga babaeng may 9 hanggang 26 na taóng gulang. Ang bakunang HPV ay may di-sinasadyang epekto na katulad ng mga epekto ng mga ibang bakunang maaring makuha. Kabilang sa mga di-sinasadyang epekto ang pamumula, tenderness (o pangingirot) at pamamaga ng lugár ng iniksiyón at, hindî kasing dalás, lagnát, alibadbád (nausea), pagkahilo at sakít ng ulo. Dapat ipahayag sa manggagamot o local health unit ang mga bihirang reaksiyóng mapupuna sa loob ng 15 na araw pagkatapos ng pagbabakuna. Kabilang sa mga reaksiyóng ito ang kahirapan sa paghingá, pamamagâ ng mukha o bibig, lagnat na labis sa 39° sentigrado, pamamantál (hives), o singáw (rashes). Binibigay ng mga nars para sa kalusugan ng madlâ ang bakuna at lagi silang náririyán sa mga klíniká sa paaralán. Sanáy sila sa pag-aasikaso ng mga malubháng reaksiyón.

Gaano kagaling ang bakuna?

Halos 100% na mabisa ang bakuna laban sa apat na tipong HPV na nalalabanan nito. Napakita ng mga pagsusuri na mabisa ang proteksiyón limang taon pagkatapos ng pagbabakuna. Walang panganib na magkaroon ng impeksiyóng HPV galing sa bakuna dahil walang buháy na virus ang bakuna.

Mga ibang mahalagang bagay-bagay tungkol sa bakuna laban sa HPV na dapat mong malaman.

Kahit na nagbibigay ng mataas na proteksiyón ang bakuna laban sa HPV, hindî ito kapalít ng pagsusuri laban sa kanser ng cervix. Kasama ang bakuna, nagbibigay ng pinakamabisang proteksiyón laban sa kanser ng cervix and mga regular na pagsusuri laban sa kanser ng cervix. Sa darating na taon, maaring mangailangan ng booster shot, o pampasigláng iniksiyón. Sa kasalukuyan, ang bakuna ay walang lisensiya para sa mga lalaki.

Kung mayroon akong anak na hindî nasa Grado 8, maari ba niyang tanggapin din ang bakuna?

Sa pamamagitan ng mga klínika sa paaralán, libreng pinagkakaloob ng pámahalaán ng Ontario ang pondo para sa bakuna laban sa HPV sa lahat ng mga babaeng nasa Grado 8. Lahat ng ibang babaeng may 9 hanggang 26 na taóng gulang ay maaring magkonsulta sa kanilang manggagamot at magbayad upang matanggap ang bakuna. Humigít-kumulang sa $400 totál ang halagá ng tatlong dosis.

Ontario

Bago ibibigay ang bakuna laban sa HPV, tatanungin ng mga nars para sa kalusugan ng madlâ ang inyong anak tungkol sa:

- kanyang kalusugan sa araw na iyón;
- kalágayan ng kanyang kalusugang panlahat;
- anumang alérhiyá niya sa mga bakuna o gamót;
- anumang gamot na kanyang iniinom;
- anumang nakaraang problema niya sa pagtanggap ng bakuna; at
- anumang náuunáng bakuna laban sa HPV na kanyang natanggap.

Sa araw na babakunahan ang inyong anak:

- pasuutin ninyo siya ng kamisa na may maikling manggas upang mapadalî ang pagbabakuna; at
- pakainin ninyo siya ng masustansiyang almusál o pananghalian bago siya pumunta sa klinika.

Kung nakatanggap na ang inyong anak ng bakuna laban sa HPV, mangyaring tawagan ang inyong lokál na Public Health Unit upang makompleto ang kanyang talâ o mabuô ang impormasyón sa pormularyong nagbibigay ng pahintulot (o consent form).

Mayroon pa kayong gustong máláman?

Upang makatanggap ng karagdagang impormasyón:

- Mangyaring tumawag sa INFOline 1-866-559-4598 (TTY 1-800-387-5559)
- Pumunta sa www.hpvontario.ca
- Makipag-alám sa inyong lokál na Public Health Unit

Ontario